# OSPITAL NG IMUS ISA SA MGA LEGACY PROJECTS

**ISA sa ipinagmamalaking legacy project ni Imus City Mayor Emmanuel L. Maliksi ay ang pagkatayo ng Ospital ng Imus (ONI) – isa sa ipinangako ng alkalde, kasama si Imus City Representative Alex 'AA' Advincula at dating Imus City Vice Mayor Mandy Ilano noong 2013.**



Sa larawan, masayang nagpakuha ng larawan ang isang ginang kasama sina Mayor Maliksi at Vice Mayor Ony Cantimbuhan at Konsehal Mon Arguelles na maluwalhating naipanganak ang kanyang sanggol sa pamamagitan ng caesarian section.

Upang matupad ito, agad nagdonasyon ng lupa ang pamilya Advincula na ngayon ay kinatatayuan ng ONI at makaraan ang ilang taon na pagsisikap na makakalap ng pondo, nasimulan at natapos ang kons-truksiyon ng pagamutan ng siyudad.

Marami nang mahihirap na pasyente ang nakinabang sa maayos at walang bayad na serbisyong medikal ng ONI mula nang ito ay buksan sa publiko, ilang buwan na ang nakaraan.

Kasalukuyang pinararami pa ang mga kagamitang medikal, dagdag na pasilidad at mga aparato-makina sa laboratoryo ng pagamutan upang lalo pang makapagbigay ang mabilis, maaasahan at mahusay na serbisyo sa mga mamamayang Imuseño.

***(MA. EVITA ROSA A. TAPARAN)***


cavitetimesjournal_mf@yahoo.com
franzalmonte@yahoo.com

CAVITE TIMES JOURNAL
PAHAYAGAN NG TUNAY NA CAVITEÑO
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

VOL. XV • NO. 10 • 10.00 • APRIL 23 - 29, 2019


# PhilHealth meets with COA on new benefit payment scheme under UHC

**SENIOR Officers of the Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) led by its Acting President and CEO Dr. Roy B. Ferrer recently met with Commission on Audit's (COA) Chair Atty. Michael G. Aguinaldo to discuss in length the global budget system, a new provider payment mechanism that the state agency is adopting as provided for in the Universal Health Care Act of 2019.**



The said meeting is part of PhilHealth's on-going preparations for the full implementation of the UHC when its implementing rules and regulations are completed.

The UHC Act provides that PhilHealth shall endeavor to shift to paying providers using performance-driven, close-end, prospective payments based on disease or diagnosis related groupings and validated costing methodologies and without differentiating facility and professional fees; develop differential payment schemes that give due consideration to service quality, efficiency and equity; and institute strong surveillance and audit mechanisms to ensure networks' compliance to contractual obligations.


PHILHEALTH • 7


# PHP 15K HOSPITAL COVERAGE SA IMUS BRGY TANOD

**HINDI na mag-aalala ang bawat isang barangay tanod ng Imus City kung magkakasakit.**

Ibinalita ng City Information Office (CIO) na naipagkaloob na sa 1,7000 tanod mula sa 97 barangay ng siyudad ang kanilang libreng life insurance at health card.

Ayon kay 3rd (Imus City) District (Imus) Representative Alex Lacson 'AA' Advincula ang health at insurance card ay may katumbas na Php15,000 na panagot sa gastos sa kahit anong pagamutan sa siyudad.

Kasama ni Rep. AA Advincula ang ilang opisyal ng cityhall sa pamamahagi ng mga benepisyo sa isang pagtitipon na ginanap sa Imus plaza sports complex sa Brgy. Poblacion.

Kung bawian ng buhay, tatanggap ang pamilya ng tanod ng Phn50,000, ayon sa kongresista.


Tumatakbo nang walang kalaban si Advincula sa ikatlong termino sa pagka-kongresista ng solo distrito ng siyudad ng Imus.

Ayon sa CIO, mahigit sa Php800,000 ang inilaang pondo para sa benepisyuon ng mga tanod ng lungsod.

***(Ma. Evita Rosa Taparan)***















ISSN: 2672-2658


# I WANT TO JOIN MY FAMILY IN THE RACE TO FAITHFULLY SERVE THE FILIPINO PEOPLE! – MARLON BAUTISTA REVILLA

**SA interbyu sa dating aktres, Madam Gigi dela Riva-Bautista tungkol sa pagpili sa kanyang mister, Sir Marlon Bautista Revilla na 3rd nominee ng One Patriotic Caolition of Marginalized Nationals (1Pacman) partylist, sinabi ng dating aktres na noon pa ay talagang kagustuhan nito na makapaglingkod sa bayan.**

"My husband always wanted to serve the people," sabi ni Ma'am Gigi, kaya raw nang mai-suggest na gawing nominadong kongresman ng 1Pacman si Sir Marlon, hindi na sila nagdalawang isip pa.

Bakit nga ba nais ni Sir Marlon, sa tinagal-tagal ng panahon, na sumama sa 1Pacman na pinamumunuan ni Congressman Mikee Romero?

Paliwanag ni Sir Marlon, maipagmamalaki ang rekord ng partylist na ito sa Kongreso: may 26 na bagong batas ang iniakda o kaya ay co-author at inisponsoran ng 1Pacman.

Malinaw, sabi ni Sir Marlon, natupad at patuloy na tinutupad ng 1Pacman ang adhikain nito – ang tumulong, umalalay at


I WANT • 3




Marlon B. Revilla 3rd nominee 1 Pacman Partylist at Gigi dela Riva-Bautista


cavitetimesjournal_mf@yahoo.com
franzalmonte@yahoo.com

CAVITE TIMES JOURNAL
PAHAYAGAN NG TUNAY NA CAVITEÑO
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

VOL. XV • NO. 10 • 10.00 • APRIL 23 - 29, 2019


# Migration and Development Orientation and Planning Workshop

**IN order to further understand the concept, issues and concerns on migration and development (M&D), the Cavite Migration and Development Office thru the the Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) initiated the conduct of Migration and Development Orientation and Planning Workshop on April 15, 2019 at the Ceremonial Hall of the Provincial Capitol Building, Trece Martires City catering the Cavite Overseas Filipino Welfare Council members from the provincial government and national line agencies, OFW Organization representatives, DTI's Negosyo Center staff, PESO Managers and M&D focal persons from the local government units.**

Atty. Khervy Reyes, Officer-in-Charge of the Provincial Cooperative Livelihood and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO) welcomed the participants and communicated the aim to establish 23 functional M&D office or desk in the LGUs to facilitate the integration of M&D plans into their own local development plans. He encouraged the attendees to partake in a fruitful discussion concerning the lined-up topics. Provincial Administrator for Community Affairs Mr. Alvin Mojica gave a backgrounder on the M&D journey of the province from the early legislations up to the creation of the CMDO and its programs. He likewise encouraged the participants to share their ideas and initiatives that will enhance M&D programs and services to address the needs of OFs and their families.

Levelling off activity was facilitated by Ms.Jennylyn Jucutan of the National Economic Development Authority (NEDA). NEDA IV-A Regional Director Luis G. Banua led the session on "Migration and Development 101" which focused on understanding the history, patterns and features of international Filipino migration, distinguishing the




Cavite Governor Jesus Crispin C. Remulla



MIGRATION • 2


# LAKAS, KAKAYAHANG MILITAR MANANAIG SA WPS –ENRILE

**MAY kakayahan at lakas military ba ang Filipinas upang maangkin ang pinag-aagawang West Philippine Sea (WPS)?**

Ayon kay dating Senate President Juan Ponce Enrile, batas ng lakas, ang pinakamahalaga sa usapin sa WPS.

"... among nations, it is what they call a Hobbesian society. It is the rule of force rather that the rule of law (that matters)," paliwanag ni Enrile na muling tumatakbo sa pagka-senador sa ikalimang




LAKAS • 3


# MAGNITUDE 8.0 EQ, DI TOTOO –NDRRMC

**HOAX. Kalokohan, walang katotohanan.**

**Sinabi ito ng mga opisyal ng National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) nitong Martes, kaugnay ng kumakalat na text messages at tsismis tungkol sa magnitude 8.0 earthquake na maaari raw maganap.**

Sa isang pahayag ay sinabi ng Office of Civil Defense (OCD-NDRRMC) na hoax at walang katotohanana ang mga nasabing text messages.

Kung may isasapublikong pahayag ang ahensiya, ang gagamitin nito ay account "NDRRMC" at hindi ang anomang device na tulad ng mobile alert at cellphone.

Nilinaw naman ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology na wala pang naiimbentong gamit o teknolohiya na may kakayahang magsabi at tukuyin kung kailan at saan maaaring mangyari ang lindol o pagyanig ng lupa.

***(CTJ Reportorial Team)***


Accepting ads thru cell # (09297611541)

CAVITE TIMES JOURNAL
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

# LEGACY PROJECTS
## MODERN / GREEN / SUSTAINABLE

LUNGSOD NG IMUS 2012 LALAWIGAN NG CAVITE

**KASUNOD ng "Kongkretong Programa" at "Epektibong Lingkod Mamamayan," ang Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ni Punong Lungsod Emmanuel L. Maliksi ay patuloy na maghahatid ng makabago (Modern), maka-kalikasan (Green) at pangmatagalang (Sustainable) programa sa tulong ng Legacy Projects nito.**



Una na rito ang **WELLNESS CENTERS** para sa mga senior citizen sa tulong ng Office of the Senior Citizens Affairs (OSCA) at Imus Senior Citizens Association Inc. (IMUSCAI). Sa pagsisimula ng taon, patuloy din ang paghahatid ng serbisyo para sa health and wellness maging sa livelihood ng mga senior citizen sa lungsod.



Tuloy-tuloy din ang pagtaas ng bilang ng miyembro ng **ESKWELA KOOPERATIBA** sa pangunguna ng City of Imus Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial, and Enterprise Development Office (CICLEDO). Hinihikayat ng programang ito ang pag-iipon at pagtitipid kahit sa murang edad pa lamang.

Dahil bida ang mga kabataan sa lungsod, inilunsad din ang **BIDA KArd** sa pangunguna ng CICLEDO at City of Imus Local Council for the Protection of Children (LCPC). Ito ang kauna-unahang child-welfare card sa bansa na naghahatid ng discounts at pribilehiyo sa mga kabataang Imuseño.



Kabilang din sa mga programa ang **Cognitive Behavioral Therapy (CBT)** Program, isang programa na tumutulong sa mga drug surrenderer sa pamamagitan ng paghahatid ng mga bagong kakayahan upang sila ay higit na makatulong sa kanilang pamilya at komunidad.



Noong ika-5 ng Oktubre, inilunsad naman sa Barangay Malagasang II-F ang **Organic and Urban Farming** kasama ang City Agriculture Services Office. Ito ay isang paraan ng pagtatanim kung saan gumagamit ng mga natural o likas na pataba.

Kabilang din sa programang ito ang urban gardening tulad ng hydrophonics at aquaphonics na siyang nagsisilbing alternatibong paraan ng pagtatanim na hindi nangangailangan ng malawak na sakahang lupa.



Katuwang si Congressman Alex "AA" L. Advincula, noong ika-12 ng Oktubre, magkakasunod na binuksan ang **Ospital ng Imus, Track Oval at Grandstand** sa Barangay Malagasang I-G para sa abot-kayang serbisyong medikal at pagpapanatili ng magandang kalusugan ng mga mamamayang Imuseño. Kasunod din nito ang groundbreaking ng itatayong **Government Center** para sa mas maayos at agarang serbisyo-publiko.



Opisyal na inilunsad din ang ikalawang bahagi ng **Gawad Kalinga Project o Proyektong Pabahay** noong Oktubre 23 sa Gawad Kalinga Alapan Site, Barangay Alapan II-B na magbibigay tulong sa mahigit 120 na pamilya mula sa Barangay Palico I, II at III.



Kasama rin sa tinututukan ng legacy projects ang pangangalaga ng kapaligiran. Bahagi ng programa ang **Green Schools Program,** isang programang pangkalikasan para sa mga paaralan sa lungsod na gumagamit ng Solar Energy System, Rain Water Harvesting System at Sewerage Treatment Plant (STP) para sa pangangalaga ng kapaligiran. Kasabay din nito ang pamamahagi ng e-vehicles sa mga pampublikong paaralan sa lungsod.



Bukod dito ay ang **E-Vehicle** kung saan napapaloob ang transisyon ng fuel-powered tricycles sa electric tricycles. Ito ay gagamitin sa paligid ng bagong City Government Center at growth areas kagaya ng mga subdivision.

Kasunod ng malawakang kaunlaran ng Lungsod ng Imus ay ang matayog na pagwagayway ng sigla at tunay na "Ganda ng Imus" na nasasalamin sa pagkakaisa ng mga namumuno, mga karangalang iginawad sa lungsod, mga epektibong programa at aktibong partisipasyon at suporta ng mga mamamayang Imuseño.


CAVITE TIMES JOURNAL
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

# MAUNLAD AT NAGKAKAISANG IMUS



MATAGUMPAY ang mga nagdaang taon sa Lungsod ng Imus. Mula sa mga pagkilala na natang-gap nito sa iba't ibang pribado at pampublikong institusyon, hanggang sa mga epektibong programa na naisagawa ng Pama-halaang Lungsod para sa mga mamamayang Imu-seño.

Ilan sa mga natatanging karangalan na natanggap nito ang Seal of Child-Friendly Local Governance na nakamit ng lungsod sa limang (5) magkakasunod na taon, Environmental Compliance Audit (ECA) Platinum Award na iginawad sa Imus buhat sa mga programa nito para sa pagsulong ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran; 2018 National ADAC Performance Silver Award kung saan ang Lungsod ng Imus lamang ang natatanging kinilalang lungsod sa buong lalawigan ng Cavite para sa mga hakbang nito laban sa illegal na droga, at Economic Dynamism 3rd Placer buhat sa mga programa ng lungsod tungo sa mataas at maunlad na ekonomiya.

Ang lungsod ng Imus ay kinilala rin sa larangan ng Peace and Order, Kooperatiba, pagnenegosyo, employment at mabuting pamamahala.

Kabilang sa mga tinutukan ng pamahalaan na naghatid ng mga pagkilala at malawakang kaunlaran sa lungsod ang kaayusan, kabuhayan at negosyo ng mga mamamayan, mataas na kalidad ng edukasyon para sa lahat, maayos na kalusugan ng bawat Imuseño, malinis na kapaligiran, pagpapatayo ng mga pampubliko at kinakailangang imprastraktura, maayos at maunlad na agrikultura, pag papaunlad ng turismo at pagpapahalaga sa ibat ibang sektor sa lungsod na kinakailangan ng mga kabataan, kababaihan, senior citizen at persons with disability.


Sa tulong ng nagkakaisang Imuseño, siguradong patuloy ang pag asenso.

# MGA PARANGAL AT PAGKILALA

2018 Good Financial Housekeeping Project — 2019
ADAC 2018 National Performance Silver Award — 2018
Seal of Child-Friendly Local Governance — 2018
City of Imus Platinum Award — 2018
City of Imus 3rd Place in Economic Dynamism — 2018
PQC 2017 Awardee — 2017
Seal of Good Local Governance — 2017

GAPAS Award Gawad sa Paglilingkod sa Sambayanan — 2019
Rank 1 Peace and Order Council Performance Audit C.Y. 2017 — 2018
Rank 3 Anti-Drug Abuse Council Performance Audit — 2018
Top Performer Award — 2018
Most Outstanding Public Library in the Philippines — 2018
Laboratory Cooperative Champion — 2018

Masidhing Paghanga Award — 2018
Finalist for Most Business-Friendly City — 2018
3rd Place Winner City of Imus — 2018
Best PESO in Cavite — 2018
ESWM — 2018
Salamat Po! Award — 2018
The Luminaries Outstanding LGU — 2017




# Editorial

## KUNG HINDI SANA SA POLITIKA

BAGO matapos ang termino ni Presidente Duterte, inaasahan na mapaluluwag na ang masikip na trapiko sa Cavite at mapabibilis ang biyahe patungo at pabalik muna sa Metro Manila sa oras na matapos ang itinatayong linya ng Light Railway Transit mula Baclaran patungong estasyon sa Barangay Niog, Bacoor City.

Inaayos na ng consortium ng the Ayala Corporation at Metro Pacific Light Rail Corporation ang proyekto at konstruksiyon ng 11.7-kilometer LRT-1 Cavite extension to Cavite, pati ang isyu ng once right-of-way (ROW) at ang relokasyon ng mga iskwater na maaapektuhan ng proyekto.

Ayon sa maraming Cavitenyo kung hindi sana nahaluan ng politika ang proyekto, marahil, maraming commuter ang nakadarama ng ginhawa sa biyahe kung maagang naumpisahan ang LRT 1 Cavite extension na unang binalak itayo sa panahon ni dating Pres. Erap Estrada pero natigil sa panahon ng siyam (9) na taon ni dating Pres. Gloria Arroyo at anim (6) na taon ni dating Pres. Noynoy Aquino 3rd.

Matatandaang pabirong sabi ni Aquino na magpapasagasa siya at si dating Transportation Sec. Abaya sa tren kung sa 2015ay hindi matatapos ang linya ng tren patungong Cavite.

Naiaward sa consortium ang proyekto noong 2014 na nabalam nang madagdag ang problema sa isinampang kaso ni dating Gov. JonVic Remulla laban kay dating Gov. Ayong Maliksi kaugnay ng relokasyon ng mga iskwater na maapektuhan ng itatayong pundasyon ng riles ng tren patungong Cavite.

Dahil sa kaso — na napatunayang walang nalabag na batas at inabswelto ng Korte Suprema sa kaso si Maliksi – natigil, nabinbim ang pagtatayo ng LRT 1 Cavite Extension.

Kung hindi sana nagkaroon ng kaso sa relokasyon, baka nga ngayon ay nakatayo na ang mga posteng pundasyon ng LRT 1 at sa mga susunod na taon. mauumpisahan nang maaga ang karugtong ng estasyon ng LRT sa Niog sa Bacoor, patungong Imus City hanggang Governor's Drive sa Dasmariñas City.



# CHEERS @ JEERS

ni ELI TAPARAN II

## BAGONG ALYANSA SA POLITIKA

ILANG linggo at Mayo 13 na, at maugong ang usapan na may nabubuong bagong alyansa ang mga politiko kontra o pabor sa mga kilalang personalidad sa politikang Cavite.

Hindi ngayon lang ito nangyayari: kung matatandaan, ilang linggo bago ang 2016 presidential elections, ang Remulla brothers – dating Governor JonVic at dating 7th district congressman at ngayon ay Gov. Boying — ay biglang tinuwaran si dating Vice President Jojo Binay.

Iniwan ng magkapatid na Remulla si Binay at nag-over-da-bakod sa kampo ni Davao City Mayor Rodrigo Duterte – na nanalo sa mga kalabang kandidato.

Nangulelat sa karera sa Malakanyang si Binay, na lantaran ang pagsasabi ng malaking galit sa magkapatid, lalo na kayJonVic.

Kasi nga naman, nagpakasumpa-sumpa pa noon si JonVic na hinding-hindi niya iiwan si Binay at paulit-ulit na nangako ng katapatan sa pagkakaibigan nila sa dating bise-presidente.

Pero ang nangyari, hindi naging matapat si JonVic sa maginoong usapan nila ni Binay.

Marahil, naniniwala si Jonvic sa sinabi ni Poe na hindi dapat na pinepersonal ang pagtuwad sa usapan.

Ito ang sinabi noon ni Poe, "One should never take it personally. We should never take those things personally. It's a political decision for most of them."

Pero personal na makikita sa mukha ni Binay ang galit tuwing maalaala ang pagbaligtad ni JonVic.

Natural lang talaga sa mga politiko na tumambling at kumampi sa mga kandidato na malaki ang tsansa na manalo.

O, kaya ang dahilan ng pagkampi ay bunga ng matiyagang pag-aanalisa o pananaw sa magagandang kuwalipikasyon ng kakampihang politiko at ang tinitindigang prinsipyo ng isang partido political.

May lumilipat sa ibang kampo dahil sa naniniwala sa prinsipyo at plataporma ng isang kandidato.

Nabanggit nga noon ng reeleksiyonistang si Poe ang ganito: "This, for me, is even more meaningful because you know that they are with you not just because of the expediency but because of their principles, their beliefs in your platform, and that's more long lasting."

Dahil sa prinsipyo at pagtitiwala sa galing at kakayahan ni dating Gov. Ayong kaya — sa malaking pagkagulat ng marami – ay nagpahayag ng suporta si 1-Pacman partylist 3rd nominee Sir Marlon Bautista Revilla kay Maliksi sa kandidatura nito sa pagka-gobernador.

Nagpahayag na rin ng suporta kay Maliksi sina dating Naic mayor – sina Edwina Mendoza at Efren Nazareno.

Wala pang sinasabing dahilan si Nazareno — na dating provincial administrator ni JonVic – sa pagkampi niya kay Ayong.

May pahayag si Remulla na "nakuha" na niya ang suporta ng mag-asawang Dasmarinas City Mayor Pidi Barzaga at Congw. Jenny Barzaga, pero naka-poste sa Facebook ng mag-asawa na nagkasundo na sila ni Maliksi sa isang alyansa politika.

Ayon sa kampo ni Maliksi, "There are still other politicians from the other camps who have expressed their desire to support Gov. Ayong."

Hindi sinabi ng tropa ni Ayong kung sino-sino ang mga iyon, pero ipinahiwatig na isang angkan ng mga politiko sa isang siyudad ng Cavite ang malapit nang magpahayag ng suporta kay Maliksi.

"They are talking about the platforms. And they want to send the message that loyalty is important. Gusto nila na ipahatid ang mensahe na sa politika, napaka-importante ang palabra de honor, napakahalaga ang pagiging matapat sa binitiwang usapan," sabi ng informant.

Kung mangyayari ito, ating abangan.

CAVITE TIMES JOURNAL
cavitetimesjournal_mf@yahoo.com
franzalmonte@yahoo.com
PAHAYAGAN NG TUNAY NA CAVITEÑO

EDITORIAL BOARD

FRANCIA A. ORLAIN
Publisher/Proprietress

ELI TAPARAN II
Editorial Consultant

MARIO V. ORLAIN
Circulation Manager

REYLAND G. LOPEZ
Correspondent

ADELA R. ZAMORA
Special Project Coordinator

JOED P. PEDRAJAS
Lay-out Artist

ATTY CORAZON ALMEDA
Legal Consultant (on Leave)

BOY JOSUE, JR.
Photographer

**Cavite Times Journal Publication** is a weekly newspaper of general circulation in the province of Cavite with Editorial and Business address at Lot 15 Block 4 St., Sunnydale the Garden Village Bucandala 5 Imus, Cavite.Mobile No. 0929-7611541 E-Mail Add cavitetimes_journal@yahoo.com / cavitetimesjournal_mf@yahoo.com

MEMBER
papi Publishers Association of the Philippines, Inc.

SUBSCRIPTION RATE

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 Month | P40.00 | 6 Months | P240.00 |
| 3 Months | P120.00 | One Year | P480.00 |

ADVERTISING RATE
Commercial — P200/cols.cm • Legal Notices — P160/cols.cm.

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.

## MIGRATION...

(FROM PAGE 1)

duality of migration, its social costs and benefits to migrants, their families, communities and country, and appreciating the ways of harnessing the development potential of international migration. Dir. Banua also pointed out that according to the Calabarzon Migration Data, movements of migration growth in the Calabarzon region has increased. Cavite is one of the contributors of the top sending region in terms of migration as reflected by the number of sea farers in the province.

Director Banua also enlightened the attendees on the positive and negative effects of migration on migrants, their families and the community. He also echoed the important LGU roles including the policies, services, multi-stakeholder partnerships and institutional capacity which affected the conditions of migration and development dynamics.

Cavite Governor Jesus Crispin "Boying" Remulla appreciated the efforts initiated by the PSWDO and NEDA to come up with the orientation and seminar/workshop for the awareness of the status of migration and development in the province. The governor emphasized the idea that migration leads to brain drain and said that it is only temporary since the world has now become united by technology through digital infrastructure. He added that the fiber optic project in the province will be fully operational in the coming days and will address the separation of families since the digital infra will bridge the distance and make communication easier. The governor also said that the provincial government works on strengthening its employment services to give more jobs to Cavitenos. Access on basic services has already been implemented to reach the poor communities.

The session on Mainstreaming Migration and Development in Local Development Planning and Governance was led by Ms. Lovely Morres, OIC-Supervising Economic Development Specialist of NEDA IV-A. Her session concentrated on the assistance that they may provide for the LGU's in integrating migration and development into their local planning and provide them with a sample menu of services that can be offered for the migrants and their families. Her lecture also showed the services that may be extended to provide pertinent information on international migration, issues



**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**Regional Trial Court of Cavite**
**Office of the Clerk of Court & Ex-officio Sheriff**
**New Justice Hall, J. P. Rizal Avenue,**
**Kaybagal South, Tagaytay City**

**HERMINDA T. VALLE,**
Mortgagee,

**EJF NO. TG-19-040**
**FOR: Extrajudicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act 3135, as amended**

-versus-

X**MARIANO AMBULO and FLORDELIZA AMBULO,**
Mortgagors.

x-----------------------------------------------x

### NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended, filed on March 12, 2019 by **HERMINDA T. VALLE,** Petitioner/Mortgagee, of legal age, Filipino citizen, widow, with postal address at 170 San Enrique Street, Ayala Alabang Village, Muntinlupa City, pursuant to the terms and conditions of the Real Estate Mortgage dated August 31, 2016 that was duly executed by **MARIANO AMBULO (now deceased) and FLORDELIZA AMBULO,** Mortgagors-Debtors, with postal address at 17 Lt. P. Montoya Street, San Vicente II, Silang, Cavite, in favor of the Petitioner/Mortgagee, over a real estate property including improvements thereon, described in and covered by **Transfer Certificate of Title No. 076-2013000766** of the Registry of Deeds for Tagaytay City, in order to satisfy the outstanding loan obligation of the Mortgagors/Debtors in the amount of **ONE MILLION SEVEN HUNDRED EIGHTY THOUSAND PESOS (Php 1,780,000.00)** Philippine Currency, inclusive of interest, penalties, and other charges, as of January 2019, the undersigned Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Cavite thru her deputy, Sheriff Teodoro O. Criss, hereby announces that on **May 23, 2019 at 10:00 o'clock in the morning** or soon thereafter, at the **New Hall of Justice of Tagaytay City,** to the highest bidder, for cash or Manager's Check and in Philippine Currency, the following property with all its improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2013000766**
**Registry of Deeds for Tagaytay City**

"A PARCEL OF LAND (LOT 2-B-1 OF THE SUBSDIVISION PLAN (LRC) PSD-220114, BEING A PORTION OF LOT 2-B, (LRC) PSD-75638, L.R.C. RECORD NO. N-4741), SITUATED IN THE POBLACION, MUNICIPALITY OF SILANG, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE N., AND E., POINTS 3 TO 4 AND 4 TO1 BY LOT 2-B-2 OF THE SUBDIVISION PLAN; ON THE S., POINTS 1 TO 2 BY PROPERTY OF MAXIMO AMADORA; AND ON THE W., POINTS 2 TO 3 BY P. MONTOYA STREET, (10.00 M WIDE). BEGINNING AT A POINT MARKED "1" ON PLAN BEING N. 21 DEG. 57'W., 543.26 M. FROM B.L.L.M. NO. 1, MUNICIPALITY OF SILANG, CAVITE; THENCE N. 89 DEG. 27'W., 25.00 M. TO POINT 2; THENCE 0 DEG. 23'E., 30.00 M. TO POINT 3; THENCE S., 89 DEG. 27'E., 25.00 M. TO POINT 4; THENCE S. 0 DEG. 23'W., 30.00 M. TO THE POINT OF BEGINNING; CONTAINING AN AREA OF SEVEN HUNDRED FIFTY (750), SQUARE METERS, MORE OR LESS. ALL POINTS REFERRED TO ARE INDICATED ON THE PLAN AND ARE MARKED ON THE GROUND AS FOLLOWS; POINTS 2 BY OLD P.L.S. CYL., MONS., 15X60 CMS.; & THE REST BY P.S. CYL. CONC. MONS 15X60 CM., BEARINGS TRUE; DECLINATION 0 DEG. 54'E., DATE OF THE ORIGINAL SURVEY, SEPT. 24, 1934; AND THAT OF THE SUBDIVISION EXECUTED BY ANTONIO A. GALANG, GEODETIC ENGINEER, IN, ON MAY 2, 1975 is registered in accordance with the provision of the Property Registration Decree in the name of **Owner: MARIANO AMBULO, MARRIED TO FLORDELIZA AMBULO, FILIPINOS Address:** P. MONTOYA ST., SAN VICENTE II, SILANG, CAVITE"

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **May 30, 2019** without further notice.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate and verify for themselves the **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2013000766,** the encumbrances thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

Tagaytay City, Philippines, March 22, 2019.

**(Sgd). ATTY. VARBRA ANN A. VARIAS-DIMAYUGA**
Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

**(Sgd) TEODORO O. CRISS**
Sheriff in Charge

Copy Furnished:
**ATTY. MELVYN LORENZO D. VALENZUELA**
Counsel for Mortgagee-Creditor Valle 2811 Aloha Street, Bruger Subdivision, Brgy. Putatan, Muntinlupa City

**FLORDELIZA AMBULO**
17 Lt. P. Montoya Street, San Vicente II, Silang, Cavite

**WARNING**: IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE OR DESTROY THIS NOTICE OF SHERIFF'S SALE ON OR BEFORE THE DATE OF THE AUCTION SALE UNDER THE PENALTY OF LAW

**Publication: Cavite Times Journal**
Dates: April 09, 16, 23 & 2019

## PHILHEALTH

(FROM PAGE 8 )


Under a global budget, participating health care providers receive a fixed amount for a specified period in advance to cover aggregate expenditures needed to provide covered patients with the needed services which are agreed upon earlier thus allowing health facilities strategic use of finances through efficient administration.

The said budget can be spent flexibly and is not tied to line items. The COA welcomed PhilHealth's initiative and positively expressed opinion over the new payment scheme as provided for in the UHC.

It also advised the state health insurer to implement strong surveillance and audit mechanisms to ensure that patients receive quality care without compro-mising the health insurance fund. In photo are (L-R) Atty. Michael G. Aguinaldo, COA Chair-person; Dr. Roy B. Ferrer, PhilHealth Acting President and CEO; Renato L. Limsiaco, PhilHealth Senior Vice President (SVP) Fund Management Sector; Nerissa R. Santiago, PhilHealth OIC-SVP Actuarial Studies and Risk Management Sector; and Dr. Israel Francis A. Pargas, PhilHealth SVP Health Finance Policy Sector. Foreground (L-R) Jovita V. Aragona, PhilHealth SVP Information Management

# TALAISIPAN

10



SAGOT SA NAKARAANG LINGGO



**PAHALANG**
1. 20 sentimos
7. Urong
11. Rinig na di sinasadya
12. Salitang paturol
13. Katulad noon
14. Salapi ng Iraq
15. Iyak ng baboy
16. Makisig
17. Punit ng damit
18. Sadyang di pagtulong
19. Sabi ni
20. Puna
21. Palayaw ng lalake
24. Nipis ng kalawan
26. Laden, Usama
27. Pambansang dahon
29. Pangalang babae
30. Tuloy
31. Henyo
32. Inis
33. Martial arts
34. Binti ng hayop
35. Ilagay sa bambang

**PABABA**
1. Oktupus
2. Kabisera ng Isabela
3. Sinusuri
4. Tauhan sa Biblia
5. Numero sa BIR: pantitik
6. Silver: sagisag
7. Inalagaan ang sanggol
8. Pinapaalalahanan
9. Tinapay ng Cebu
10. Palayaw ng lalake
14. Kuha sa bulsa
16. Ngiki
18. Sigurado
22. Kapareha ng dalaga
23. Pinturang makintab
25. Ngayon na: Kastila
27. Gamot sa anan
28. Kataga ng dakong kinaroroonan
29. Ganda
31. Tunog ng sampal
33. Karate instructor

## MAG AMA, KASABWAT TIKLO SA DROGA

**NAKAKULONG ang mag-ama, at kasabwat na nadakma sa isang anti-illegal drugs operation sa Dasmariñas City, Cavite nitong nakalipas na Sabado de Gloria.**

Nadakip ang mga suspek sa pamumuno ni City police Major Allan Reyes ang mga suspek na nakilalang sina Mario Luna, 44, alyas Puroy, anak nito na si Shiela Mae Luna, 22, single at kasabwat na si Elmo San Miguel, 25, pawang residente ng Barangay Paliparan 2 ng Dasmariñas.

Sa ulat ni Reyes kay police Lt. Colonel Nerwin Ricohermoso, hepe ng Dasmariñas City police station, nakumpiska sa mga suspek ang 10 pirasong plastic sachet na may laman ng hinihinalang shabu at 200 pesos buy bust money.

Kasong paglabag sa RA 9165 ang haharapin ng tatlo na nakadetine sa detention cell ng pulisya.

*(Boy Josue)*





NAKABULAGTA ang supsek na si mama Pagetoden na nanlaban habang kausap naman ni Cavite Police Provincial Director P/Col William Segun ang 2 suspek na sina Allan Salik alyas Allan at Aladin Salik alyas Yuyong ng masakote sila sa ikinasang buy bust operation ng Bacoor Police sa Brgy Molino 3 nitong huwebes ng madaling araw, nakuha sa kanila 1 kalibre 38 baril, Honda CRV na may plate # XJJ691, Toyota Innova at 250 gramo ng shabu na may street value na 1.7millon pesos. *(Boy Josue)*